

# Inuyama Multilingual News

Publishing : Editing  
Inuyama International Association  
Inilathala : 2021.3.11  
Tagalog

## Pakikisama sa Kapitbahay • Buhay sa Japan



### ● Pagbati

Ang pagbati ay ang unang hakbang patungo sa pakikisama. Sa pamamagitan ng maraming beses na pagbati ay nagiging mas madaling buksan ng ating kaharap ang kanilang mga damdamin. Halina at batiin natin ang mga taong nakatirang malapit sa atin.

Pagbati	Nihongo	Pagbigkas (Paraan ng pagbasa)
Ikinagagalak kitang makilala.	はじめまして	Hajimemashite.
Magandang umaga.	おはようございます	Ohayou gozaimasu.
Magandang araw.	こんにちは	Konnichiwa.
Magandang gabi.	こんばんは	Konbanwa.
Paalam / Goodbye.	さようなら	Sayonara.
Maraming Salamat.	ありがとうございます	Arigatou gozaimasu.
Ipagpaumanhin po ninyo./ Patawarin mo ako.	ごめんなさい	Gomennasai.

### ● Ingay (Maingay na tunog • Malakas na boses)

Iwasan ang lumikha ng malakas na ingay o mag-usap sa malakas na boses lalo pa kung sa apartment o condominium nakatira, Dahil dito ay maaring makaibala sa mga kalapit na kuwarto, lalo na sa dis- oras ng gabi.

- Malakas na boses.
- Malakas na pagpapapatugtog ng musika at volume ng pinapanood na programa sa TV.
- Tumatakbo sa loob ng bahay.
- Nagpa-party o nagdiriwang na kumakanta at sumasayaw.
- Gumagamit ng instrumento tulad ng gitara.









## ● Basura

Sa Japan, isinasagawa ang segregasyon ng basura bago itapon. May nakatakdang alituntunin sa bawat lugar. Tulad ng paraan ng segregasyon ng basura at araw ng pagtatapon. Sa mga taong hindi alam ang patakaran, nahihirapan at di nauunawaan ang mga pamamaraan, magtanong sa kapitbahay o sa munisipyo kung saan ka nakatira.

Segregasyon ng basura.

• Paghiwalayin ayon sa uri o klase ng basura.

Pangkalahatang uri ng basura (Halimbawa)

<p><b>Nasusunog na basura</b></p> <p>Nasusunog na basura </p> <p>Hindi nasusunog na basura</p>	<p>Mga basurang nabubulok at mga basurang papel mula sa kusina</p>	
<p><b>Hindi nasusunog na basura</b></p> <p>Hindi nasusunog na basura </p> <p>Nasusunog na basura</p>	<p>Mga basag na plato, tasa, metal gayun din ang baso at iba pa.</p>	
<p><b>Recyclable na basura</b></p>	<p>Mga botelya • lata, Plastic bottle, Diyaryo, Libro, lalagyang plastik , kahon at iba pa.</p>	
<p><b>Malalaking basura</b></p>	<p>Gamit sa bahay tulad ng lamesa, upuan, bisikleta, futon, TV , aircon at refrigerator.</p>	

Pagtatapon ng basura



- Hanggang anong oras at araw ilalabas ang basura ?
- Anong uri ng basurang itatapon ?
- Saan dadalhin ang basura ?
- ※Depende sa uri ng basura, magkaiba ang lugar at araw ng pagtatapon.
- ※Ang itinakdang plastik para sa bawat uri ng basura ay mabibili sa malapit na pamilihan. Bumili nito at ilagay ang basura, itapon sa itinakdang basurahan.

Sa ilang piling lugar, mayroong multilanguage mobile applications ng segregasyon ng basura. Hanapin ang "Gomi Bunbetsu Appli."Sa Inuyama City naman ay ang apps na 「threeR」 .


Mayroong mga bagay na ordinaryong nagagawa sa sariling bansa na maituturing na hindi dapat gawin sa bansang Japan. Ang mga bagay na ito ay maaaring makaabala sa maayos na pamumuhay ng mga kapitbahay. Gayundin naman, ito ay maaaring pagsimulan ng gulo. Halina` t alamin at tandaan ang alituntunin sa bansang Japan na siyang daan sa maayos na pamumuhay ng bawat isa.



## Ano ang pakiramdam ng mga banyagang nagtatrabaho?

「Kahit nakap-ara! bago pumunta ng Japan. Hindi pa rin nauunawaan ang Nihongo


Aming tinanong ang 5 katao na may magkakaibang trabaho at karanasan (Inuyama International Association Tsuji Aiko Enero 17, 2021)



**Tai** • 2 Taon  
Machine assembly



**Thuong Thuong**  
Machinist • 3 Taon



**Huy** • 2 Taon  
Equipment Designer



**Yang** • 9 Taon  
Quality management



**Triet** • 13 Taon  
Mechanical Designer



### Anong image na mga bagay ang ikinagulat bago pumunta ng Japan.

**Huy** : Bago ako pumunta sa Japan, nag-ara! ako ng 4 na buwan ng wikang Nihongo. At akala ko ay mahusay na ako sa wikang ito. Subalit pagdating ko rito ay hindi ko nauunawaan ang mga usapan.

**Thuong Thuong** : Pagdating ko ng Japan, nagulat ako dahil puro Kanji characters ang ginagamit. Bukod dito, hindi ako nakapagsalita alinsunod sa wastong grammar at noong una ay hindi ko naiintindihan kung ano ang sinasabi ng aking mga kaharap.

**Triet** : Hindi ko naisip na sa Japan ay mahabang oras ang trabaho at gabi nang nakakauwi. Sa Vietnam, Kapag dumating na ang oras ng Alas-5:00 ay oras na ng uwian. Sa Japan ay nagtatrabaho pa hanggang alas-10:000 ng gabi . Nakakagulat ito.

**Tai** : Ang akala ko ay lahat ng tao dito ay mayaman, subalit may mga tao din pala na mahirap tulad din sa Vietnam, Nakakagulat na napakahaba ng oras ng kanilang trabaho pero nagulat din ako na ang lahat ng Hapon ay masisikap.

**Yang** : Ang akala ko ay kahit saan ako magpunta, ito ay parang lungsod ng Tokyo. Ngunit hindi pala. At nagulat rin ako sa segregasyon ng maraming uri ng basura.



### Nakakaunawa ka ba ng Nihongo ?

**Tai** : Nakapasa ako sa level 4 test ng Nihongo at nakapunta ako sa Japan. Napakahirap ng wikang nihongo.

**Yang** : 8 taon na ako simula nang dumating sa Japan, ngunit hindi pa rin ako magaling mag-Nihongo. Sa oras ng aking trabaho, walang laya sa pakikipag-usap kaya wala akong masyadong pagkakataon na makipag- usap sa mga Hapon.

**Triet** : Kahit na nakapag-ara! ngunit hindi makikipag- usap ay wala din itong kabuluhan.

**Tsuji** : Maaring may mga bagay na hindi natin naiintindihan dahil na din sa pagkakaiba ng kaugalian at kultura.

〈Sa kabila ng hindi inaasahang situwasyon ay maraming banyaga ang sumusulong sa pagsusumikap. 〉

## Ipinakikilala ang mga banyagang nagsisikap mag-aral sa Nihongo classrooms !



**Bui Dinh Quyen**

Nationality : Vietnam

Dumating sa Japan : March, 2020

Trabaho : Electrical construction



Talagang natuwa ako ng makasali sa nihongo classroom sa kauna unahang pagkakataon. Dahil sa suporta ng mga tao sa Nihongo Classroom ay marami akong natutunang nihongo. Bukod dito, marami din akong natutunan tungkol sa kultura ng Japan. Gusto kong magsanay magsalita araw-araw. Sa aking trabaho, ang lahat ay abala kaya hindi ako makapagsanay na magsalita. Gusto kong makipag-kaibigan sa mga hapon, kaya lamang ay hindi pa mabuti ang aking nihongo at nais kong ipagpatuloy ang aking pag aaral sa Nihongo Classroom. Balang araw, nais kong maglakbay sa lahat ng magagandang lugar dito sa Japan. Gusto kong maging kasinghusay sa nihongo na halos parang sa mga hapon. Kung magkakaroon ako ng pera ay nais kong magpagawa ng bahay sa Vietnam para sa aking mga magulang.

- ◆ **Upang maunawaan ang mga bagay hinggil sa buhay, maari ninyong tingnan ito mula sa website homepage ng Aichi Prefectural police para sa [iba't ibang wika] .**

URL <https://www.pref.aichi.jp/police/other-languages/index.html>

15 Wika : Nihongo, Ingles, Korean, Intsik, Russian, Espanyol, Tagalog, Vietnamese, Portuges, Indonesia, Nepalese, Sinhala, Urdu, Turko, Thai ( Febrero 2, 2021 current)

- ◆ **Nauunawaan ang mga patakaran ng pamumuhay sa Japan habang naglalaro gamit ang playing Japanese cards (Karuta).**

Habang naglalaro ng Karuta ay mauunawaan ang patakaran hinggil sa ligtas at ano ang mga dapat pag-ingatan sa pamumuhay dito sa Japan. Halina at matuto habang masayang nag-aaral ng nihongo (Nihongo lamang).

URL <https://www.pref.aichi.jp/police/other-languages/anshin-karuta.html>

Inuyama Newsletter Published by : Inuyama International Association

〒484-0086 Aichi-ken, Inuyama-shi, Matsumoto Cho 4-21 Inuyama International Tourist Center 『Freude』

Inside TEL: (0568) 48-1355 FAX : (0568) 48-1356

HP : <http://iiea.info> E-mail : [iia@grace.ocn.ne.jp](mailto:iia@grace.ocn.ne.jp)

Translators Volunteers Members

English : Kusakabe Kazuro, Shibata Atsuyuki, Yasumura Megumi, Steve McGuire, Uchimura Hidenori

Espanish : Tawara Carlos, Ruiz Buines Ricardo Arturo, Saeki Liliana

Portugues : Yara Marcos, Akagi Kasunori, Akagi Mitsue, Yoshida Gisele

Chinese : Harita Misako, Minobe Tomoe, Ten Ru, Yue Niwa, Reiharu Yan

Vietnam : Hoang Manh Cuong, Ngo Van Tam, NguenToe Ha